Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON KULTURA AT ISPORTS
(MINISTRY OF EDUCATION CULTURE AND SPORTS)
Maynila

Setyembre 15, 1982

MEMORANDUM PANGMINISTRI
Blg. 225, s. 1982

IKALABING-APAT NA PAMBANSANG GAWAING-KAPULUNGAN SA PILIPINO

Sa: Mga Direktor ng Kawanihan
Mga Direktor ng Rehiyon
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pangulo ng mga Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Paaralan, Kolehiyo at Pamantasang Pribado

1. Ang Ika-14 na Pambansang Gawaing-Kapulungan sa Pilipino, sa pagtataguyod ng Kawanihan ng Edukasyong Elementarya, Kawanihan ng Edukasyong Sekundarya, Kawanihan ng Lalong Mataas na Edukasyon, Surian ng Wikang Pambansa, Sangay ng Benguet, Sangay ng Lungsod ng Baguio, at ng Pambansang Samahan ng mga Tagamasid ng Pilipino (PASATAP), ay idaraos sa Teachers Camp, Lungsod ng Baguio sa Nobyembre 22-26, 1982.

2. Ang paksang-diwa ng gawaing-kapulungan ay "Ang Wikang Pilipino sa Pagpapalaganap ng Diwa ng KKK."

3. Pagkatapos ng limang araw na seminar na ito, inaasahang ang mga dadalo ay:

a. makapagpapahalaga at makagagamit ng Wikang Pilipino bilang mabisang kasangkapan sa pagpapalaganap ng diwa ng KKK;

b. makatatalakay sa mga istratehiya ng pagtuturo na kailangan sa implementasyon ng binagong kurikulum sa elementarya na itinatakda ng MEC Order No. 6, s. 1982;

makagamit ng mabisang paraan sa pagtuturo ng pagbasa at sa pagbibigay-lunas sa mga pangunahing sagabal nito;

k. makapagsasagawa ng mabisang pamamaraan sa pagsasanib ng mga aralin tungo sa mabisang pagkatuto;

d. makapagbibigay ng angkop na solusyon sa mga problema sa pagpapalakas ng paggamit ng Pilipino bilang midyum ng pagtuturo sa sekundarya ayon sa patakarang edukasyong bilinggwal;

e. makatatalakay sa mga istratehiya at kagamitang kailangan sa mga binagong silabus ng Pilipino 1 at 2 sa kolehiyo/unibersidad at sa mga asignaturang Pilipino na kailangan sa kurikulum na pangguro; at

g. makatatalakay kung paano malilinang ang Pilipino.

4. Ang lahat ng panrehiyon at pansangay na tagamasid at tagapag-ugnay sa Pilipino; ang mga puno ng kagawaran ng Pilipino o sino mang hihiranging kinatawan sa mga paaralang sekundarya, kolehiyo at unibersidad maging pampamahalaan o pribado; gayon din ang mga dating tagamasid/tagapag-ugnay sa Pilipino na kasalukuyang nakatalaga sa iba't ibang lawak/tungkulin at ang mga nagretiro na ay dapat dumalo sa kapulungang ito. Kung walang tagamasid o tagapag-ugnay sa Pilipino ang rehiyon at ang sangay, maaaring ipadala ang isang tagamasid sa alinmang asignaturang ginagamitan ng Pilipino bilang midyum ng pagtuturo.

5. Mangyaring ipasagot sa tagamasid/tagapag-ugnay ng rehiyon/sangay o puno ng Kagawaran ng Pilipino sa sekundarya, kolehiyo o unibersidad ang kalakip na Papel ng Pagrerehistro at ipabalik kay Dr. Pablo E. Natividad, Puno ng Curriculum Development Division, Bureau of Elementary Education, MECS, Arroceros, Manila, bago dumating ang Oktubre 5, 1982, upang matiyak ang bilang ng lahat ng kinatawang dadalo.

6. Mangyaring ipahanda sa mga dadalong kinatawan ang mga sumusunod:

a. mga babasahin at sangguniang magagamit sa pagtalakay sa KKK;

b. ulat sa implementasyon ng edukasyong bilinggwal sa rehiyon/dibisyon o kolehiyo/unibersidad alinsunod sa mga hinihingi ng MEC Memorandum No. 203, s. 1978;

k. deskripsiyon ng mga asignaturang Pilipino sa mga kursong pangguro at sa mga medyor at maynor ng Pilipino; at

d. mga sanggunian sa pagtuturo ng pagbasa.

7. Manggagaling sa pondong lokal na sasailalim ng pagtutuos at pag-aaudit ang ibabayad na halagang limangdaan at limampung piso (₱550.00) ng bawat kinatawan para sa mga "hand-out," bayad sa akomodasyon at pagkain sa loob ng limang (5) araw, gayon din ang halagang para sa transportasyon papunta sa Teachers Camp, Lungsod ng Baguio at pabalik sa sariling rehiyon/sangay o kolehiyo/unibersidad.

(LGD.) ONOFRE D. CORPUZ
Minister

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
MEC Order: (No. 6, s. 1982)
Mga Memorandum Pangministri: Blg. 203, s. 1978 at 140, s. 1981

Pamumumod: 1-3-4--(D.O. 1-76)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Course of Study, ELEMENTARY
Course of Study, COLLEGIATE
Course of Study, SECONDARY
LANGUAGE
OFFICIALS
SEMINAR
TEACHERS
WORKSHOPS

(Kalakip ng Memorandum Pangministri Blg. 225, s. 1982)

PAGREREHISTRO

Pangalan (Limbag) ______________________________ Palayaw ________
Apelyido Una M.I.

Katayuang Sibil ______________________ Babae ____ Lalaki _____

Tungkulin ______________________________________________________

Tanggapan ______________________________________________________
Sangay Rehiyon

Pook na Kinaroroonan ng Tanggapan ______________________________

Petsa ng Kapanganakan __________________________ Edad _________

Tirahan sa Lalawigan ___________________________________________

Metro Manila ___________________________________________

Bilang ng Taon sa Kasalukuyang Tungkulin ______________________

________________________________
Lagda